

Plano ng Access sa Wika



California Department of
State Hospitals

**Nagbibigay ng Makabuluhang Access
sa Mga Serbisyo para sa Mga Indibidwal na May
Limitadong Kaalaman sa Ingles
Hunyo 2024**

Departamento ng Mga Ospital ng Estado/ Tanggapan ng Tagapangasiwa
Pangalan ng Coordinator ng Access sa Wika (Language Access Coordinator,
LAC): David P. Jones1
Telepono ng LAC: 916-654-2309 / Email: LanguageAccess@dsh.ca.gov

Talaan ng Mga Nilalaman

Introduction	4
Department Programs and Services	4
Language Access Requirements	7
Providing Notice to People with LEP and Identifying Language Preference	9
Language Services	10
Training Staff	19
Training Plan	19
Monitoring and Updating LAP	20
Complaint Process	21
Document List	22

Introduksyon

Bilang bahagi ng pagtiyak na may makabuluhang access sa mga programa at serbisyo, ang Ahensya ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng California (California Health and Human Services Agency, CalHHS) ay may pinagtibay na Patakaran sa Access sa Wika noong Mayo 22, 2023, na nag-aatas sa mga programa ng bawat departamento o tanggapan ng CalHHS na gumawa ng Plano ng Access sa Wika. Layunin nitong tiyaking nagbibigay ang CalHHS at ang mga departamento at tanggapan nito ng makabuluhang access sa impormasyon, mga programa, benepisyo, at serbisyo sa mga taong may Limitadong Kaalaman sa Ingles (Limited English Proficiency, LEP) at tiyaking hindi nakakahadlang ang wika sa pag-access ng mahahalagang serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

Ang dokumentong ito ay ang Plano ng Access sa Wika (Language Access Plan o “LAP” or “Plano”) ng Departamento ng Mga Ospital ng Estado (Department of State Hospitals o “DSH” o “Departamento”) ng California. Sa pagbuo sa Planong ito, sinuri namin ang aming mga programa at serbisyo para sa publiko, ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan namin sa mga miyembro ng publiko at sa mga taong pinagseserbisyuhan namin, at kung paano kami nagbibigay sa kasalukuyan ng impormasyon at mga serbisyo sa mga wikang iba pa sa Ingles.

Gaya ng inilalarawan sa sumusunod na seksyon, malaki ang pinapamahalaan ng DSH na forensic na sistema ng pangangalaga ng kalusugan ng pag-iisip. Ang pangunahin naming hangarin ay magbigay ng mataas na kalidad na paggamot, pagsusuri, at mga pansuportang serbisyo sa mga pasyenteng may iba't ibang pinagmulan, na sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng kultura at etnisidad sa buong California. Sa partikular, nakatuon ang Planong inilalarawan dito sa mga proseso kung saan sinusuportahan ng DSH ang mga pasyenteng may LEP na pinagseserbisyuhan namin sa pagkakaroon ng patas na access sa mga serbisyo at oportunidad na makabuluhang makibahagi sa mga aktibidad sa paggamot at programa sa mga ospital ng estado. Layunin ng DSH na magbigay ng access sa wika para masuportahan ang mga layuning ito.

Mga Programa at Serbisyo ng Departamento

Pinapamahalaan ng DSH ang pinakamalaking forensic na sistema ng ospital para sa kalusugan ng pag-iisip ng bansa. Ang misyon ng DSH ay magbigay ng pagsusuri at paggamot sa isang ligtas at responsableng paraan, sa pamamagitan ng pagsusulong ng inobasyon at kahusayan sa pangangalaga at iba't ibang sitwasyon. Sa konteksto ng mas malawak na sistema ng pangangalaga ng kalusugan ng pag-iisip, pinagseserbisyuhan ng DSH, sa partikular, ang mga indibidwal na may mga kumplikadong kundisyon sa kalusugang nauugnay sa pag-uugali na na-commit sa Departamento sa pamamagitan ng mga superior court o Mga Pagdinig ng Board of Parole. Bukod

pa rito, nagseserbisyo ang DSH sa mas maliit na contingent ng mga conserved na indibidwal na nire-refer ng mga county at bilanggo mula sa Departamento ng Pagwawasto at Rehabilitasyon ng California. Responsibilidad ng DSH ang pang-araw-araw na pangangalaga at pagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip ng mga pasyente nito. Sa oras na ma-discharge mula sa pagkaka-commit sa DSH, kadalasan, bumabalik ang mga indibidwal sa kanilang komunidad, at nagbibigay ang sistema ng kalusugang nauugnay sa pag-uugali ng county ng mga karagdagang serbisyo at linkage sa kasalukuyang paggamot.

Limang ospital ng estado (Atascadero, Coalinga, Metropolitan, Napa, at Patton) ang sinusubaybayan ng DSH. Bukod sa paggamot sa ospital ng estado, nagbibigay ang DSH ng mga serbisyo, sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga ahensya ng kalusugang nauugnay sa pag-uugali ng county, departamento ng sheriff, at pribadong provider, sa mga programa ng Early Access Stabilization Services (EASS) at Jail-Based Competency Treatment (JBCT), Community-Inpatient Facilities (CIF), Conditional Release Program (CONREP), programa ng Community-Based Restoration (CBR), at programa para sa diversion sa kalusugan ng pag-iisip bago ang paglilitis para sa felony. Mahigit 7,000 pasyente ang binibigyan ng DSH ng pangangalaga araw-araw. Sa taon ng pananalapi (FY) 2022-23, mahigit 13,000 pasyente ang pinagserbisuhan ng DSH. May humigit-kumulang 13,000 empleyado sa headquarters nito sa Sacramento at sa limang ospital ng estado sa buong estado, ang pagsisikap ng bawat miyembro ng team sa DSH ay nakatuon sa pagbibigay ng paggamot sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pangangalaga habang pinapanatili ang kaligtasan ng mga pasyente, empleyado, at publiko.

Pinopondohan ang DSH sa pamamagitan ng Pangkalahatang Pondo at mga reimbursement mula sa mga county para sa pangangalaga ng mga pasyenteng may Lanterman-Petris-Short (LPS). Lisensyado ang lahat ng pasilidad ng DSH sa pamamagitan ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH) at apat sa limang pasilidad (Atascadero, Metropolitan, Napa, at Patton) ang accredited ng Joint Commission, na isang hiwalay na not-for-profit na organisasyon na nag-a-accredit at nagsesertipika ng humigit-kumulang 21,000 organisasyon at programa sa pangangalagang pangkalusugan sa Estados Unidos.

Mga Ospital ng Estado

DSH-Atascadero

Nagbukas noong 1954, matatagpuan ang DSH-Atascadero sa Central Coast ng California sa Atascadero (County ng San Luis Obispo). Isa itong self-contained na psychiatric na ospital na itinayo sa loob ng isang security perimeter.

Pinagseserbisyuhan ng DSH-Atascadero ang sumusunod na apat na uri ng pag-commit ng pasyente: Offender na May Disorder sa Kalusugan ng Pag-iisip (Offender with a Mental Health Disorder, OMD), mga pasyenteng may Coleman (mga bilanggong may malalang sakit sa pag-iisip) mula sa CDCR, Hindi Competent na Humarap sa Paglilitis (Incompetent to Stand Trial, IST), at Hindi Guilty Dahil sa Insanity (Not Guilty by Reason of Insanity, NGI).

DSH-Coalinga

Nagbukas noong 2005, matatagpuan ang DSH-Coalinga sa kanlurang dulo ng County ng Fresno. Isa itong self-contained na psychiatric na ospital na itinayo nang may security perimeter. Nagbibigay ang CDCR ng seguridad sa perimeter pati ng transportasyon sa mga pasyente sa labas ng mga medikal na serbisyo at paglilitis sa hukuman. Pinagseserbisyuhan ng DSH-Coalinga ang sumusunod na tatlong uri ng pag-commit ng pasyente: OMD, mga pasyenteng may Coleman mula sa CDCR, at Mga Sekswal na Marahas na Predator (Sexually Violent Predator, SVP).

DSH-Metropolitan

Nagbukas noong 1916, matatagpuan ang DSH-Metropolitan sa Norwalk (County ng Los Angeles). Ang ospital ay isang open style na campus na nasa loob ng isang security perimeter. Pinagseserbisyuhan ng DSH-Metropolitan ang sumusunod na apat na uri ng pag-commit ng pasyente: LPS, IST, OMD, at NGI.

DSH-Napa

Nagbukas noong 1875, matatagpuan ang DSH-Napa sa County ng Napa, at ito ang pinakamatandang ospital ng estado ng California na tumatakbo pa rin, at mayroon itong open style na campus na may security perimeter. Pinagseserbisyuhan ng DSH-Napa ang sumusunod na apat na uri ng pag-commit ng pasyente: LPS, IST, OMD, at NGI.

DSH-Patton

Nagbukas noong 1893, matatagpuan ang DSH-Patton sa bayan ng Highland sa County ng San Bernardino. Ang malaking bahagi ns ospital ay isang forensic na ospital para sa kalusugan ng pag-iisip at may open style na campus na may security perimeter. Pinagseserbisyuhan ng DSH-Patton ang sumusunod na apat na uri ng pag-commit ng pasyente: LPS, IST, OMD, at NGI.

Paggamot sa Komunidad at Bilangguan – Mga Nakakontratang Programa

Nagbibigay ang DSH ng ilang programa ng paggamot sa komunidad at bilangguan na pinapatakbo sa pakikipagtulungan sa mga nakakontratang provider ng county at pribadong provider. Ibinubuod ang mga programang ito sa ibaba. Nagko-coordinate at responsable ang lahat ng nakakontratang provider sa pagtiyak na ginagawang available ang mga serbisyo sa paggamot at ang mga nauugnay na materyales sa edukasyon sa anumang wikang hindi Ingles na kinakailangan ng pasyente para matiyak na magagawa niyang makabuluhang makibahagi sa kanyang paggamot. Para mapahusay ang prosesong ito at maiangkop ang mga inaasahan sa access sa wika sa patakaran ng CalHHS, gumagawa ang DSH ng pansamantalang wika para sa pagsasama sa mga kontrata nito sa provider.

Programang sa May Kundisyong Paglabas (Conditional Release Program, CONREP)

Ang CONREP ay ang pambuong-estadong sistema ng DSH ng mga serbisyo sa komunidad para sa mga partikular na forensic na indibidwal na iniatas ng hukuman. Layunin ng CONREP na isulong ang higit pang proteksyon sa publiko sa mga komunidad ng California sa pamamagitan ng epektibo at standardized na sistema ng outpatient na paggamot ng komunidad. Kasama sa populasyon ng CONREP ang mga kliyenteng itinuturing na NGI, OMD, IST, at SVP na naaprubahan ng hukuman para sa outpatient na placement kapalit ng placement sa ospital ng estado. Ang mga indibidwal na naaangkop para sa CONREP ay puwedeng irekomenda sa mga hukuman ng Medikal na Tagapangasiwa ng ospital ng estado.

Mga Programang ng IST sa Komunidad

Nagbibigay ang DSH ng ilang programa sa komunidad para masuportahan ang mga pangangailangan sa paggamot ng IST para sa mga kwalipikadong makibahagi sa mga programang ito. Ang mga ito ay mga inpatient na pasilidad sa komunidad (community inpatient facilities, CIF), restoration sa komunidad (community-based restoration, CBR), at programa para sa diversion sa kalusugan ng pag-iisip.

Ang mga CIF ay mga inpatient na pasilidad sa komunidad na nagbibigay ng mga alternatibong opsyon sa paggamot sa mga ospital ng estado na may layuning suportahan ang mga programa sa paggamot ng IST sa komunidad na pinapatakbo ng county kung saan posibleng kinakailangan ng mas matataas na antas ng pangangalaga. Nagagawa ng mga indibidwal na nagta-transition mula sa isang bilangguan na mag-stabilize sa isang CIF bago sila lumipat sa isang mas maluwag na lugar para sa paggamot. Sinusuportahan din ng mga CIF ang mga indibidwal na may IST na posibleng nangangailangan na lumipat sa mas secure na lugar para sa paggamot.

Ang CBR at mga programa para sa diversion ay mga opsyon sa paggamot ng IST sa komunidad na ibinibigay sa pinakamaluluwag na madalas ay residensyal na lugar. Nag-aalok ang parehong programa ng mga intensive na serbisyo sa paggamot ng kalusugan ng pag-iisip na may wraparound na suporta at matitirhan.

Ang pangunahing layunin ng CBR ay i-restore ang competency at para makamit iyon, nag-aalok ng edukasyon sa competency na bukod pa sa tradisyonal na paggamot at mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip. Idinisenyo ang programa para sa Diversion ng DSH para i-target ang ilang bahagi ng populasyon ng IST na may pinakamalaking posibilidad na magtagumpay sa isang outpatient na lugar kapag nabigyan ng naaangkop na paggamot, mga suporta, at matitirhan. Puwedeng iatras ang kaso sa mga indibidwal na magtatagumpay sa Diversion kapag nakumpleto na nila ang programa.

Mga Programa ng IST sa Bilangguan

Bukod sa mga opsyon sa paggamot sa komunidad, nagbibigay ang DSH ng dalawang uri ng programa ng paggamot sa bilangguan para sa mga indibidwal na may IST. Ginawa ang programa ng paggamot na Early Access and Stabilization Services (EASS) para madagdagan ang mga placement ng paggamot sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa stabilization at pagsunod sa gamot ng mga pasyenteng may IST, na magpapapalaki sa posibilidad na maging kwalipikado para sa placement sa isang diversion o iba pang outpatient na programa ng paggamot. Ang programang Jail-Based Competency Treatment (JBCT) ay nagre-restore ng mga serbisyo sa competency sa mga indibidwal na may IST habang sila ay nasa mga pasilidad ng bilangguan ng county. Nag-aalok ang mga programa ng JBCT ng lokal na programa sa paggamot sa isang secured na lugar na sumusuporta ng maikling pananatili para sa mga indibidwal na may IST na may mas mababang acuity.

Mga Kinakailangan sa Access sa Wika

Sa pagpapalano sa pagbibigay ng makabuluhang access sa wika sa hinaharap, sinuri ng DSH ang sumusunod na apat na salik para sa bawat isa sa aming mga programa:

1. Bilang o porsyento ng mga taong may LEP na kwalipikadong pagserbisyuhan o malamang ay makaugnayan ng programa o serbisyo;
2. Dalas ng pakikipag-ugnayan ng mga indibidwal na may LEP sa programa;
3. Uri at kahalagahan ng programa, aktibidad, o serbisyo; at

4. Mga resource na available sa aming departamento at gastusin sa mga serbisyo sa wika.

Isinaalang-alang din namin ang mga partikular na kinakailangan sa Patakaran sa Access sa Wika ng CalHHS at ang iba pang batas o kinakailangan na partikular sa programa.

Pakitandaang hindi tinutugunan ng planong ito ang proseso ng DSH para sa pagsasagawa o pag-uulat sa biennial na survey sa wika na kinakailangan sa ilalim ng Dymally Alatorre Bilingual Services Act.

Pagbibigay ng Serbisyo sa Mga Taong may LEP at Pagtukoy ng Kagustuhan sa Wika

Makikita sa seksyong ito kung paano aabisuhan ng DSH ang publiko tungkol sa mga available na serbisyo sa access sa wika. Makakakita sa ibaba ng check list ng mga tool na puwedeng gamitin ng DSH para ipaalam sa publiko ang mga serbisyong ito.

- Card o poster na "Nagsasalita Ako ng" sa mga pampublikong reception desk
- Mga nakasaling paunawa sa mga pampublikong hintayan na nasa mga sumusunod na wika:
 - Chinese
 - Korean
 - Spanish
 - Tagalog
 - Vietnamese
- Mga nakasaling tagline sa mga form na nasa Ingles
- Mga nakasaling tagline sa mga website ng programa ng departamento
- Iba pa:

Pag-admit ng pasyente sa ospital ng estado

Sa pag-admit, ang pangunahin at gustong wika ng pasyente ay tatasahin ng team sa paggamot o ng admissions suite clinician at idodokumento ito sa form ng Linguistic na Pagtatasa alinsunod sa gabay sa patakaran ng bawat ospital. Kung hindi Ingles ang pangunahin o gustong wika, idodokumento ang impormasyong ito sa plano ng paggamot ng pasyente at ibibigay ito sa Departamento sa Pamamahala ng Impormasyon sa Kalusugan ng ospital ng estado para sa pagsubaybay sa mga talaan at database ng pasyente.

Mga Serbisyo sa Wika

Kasama sa seksyong ito ang mga pagkilos na gagawin ng DSH para makapagbigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga wikang iba pa sa Ingles.

May iba't ibang pinagmulan ang mga pasyenteng pinagseserbisuhan ng DSH. Kung posible at naaangkop, sisikapin ng mga ospital ng estado, kung posible, na ilagay ang mga pasyenteng hindi nagsasalita ng Ingles sa isang treatment unit kung saan may kakayahan ang mga staff, at/o pasyente, na makipag-ugnayan sa gustong wika ng pasyente. Bukod pa rito, magbibigay sa mga pasyente ng libreng serbisyo sa pag-interpret ng wika nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo para mapadali ang pangangalaga at paggamot. Puwedeng humiling ang mga pasyente ng mga serbisyo sa pamamagitan ng sinumang miyembro ng kanilang team sa paggamot o team sa pag-aalaga habang sila ay nasa unit ng pasyente, o sa pamamagitan ng iba pang miyembro ng klinikal na team o team sa pag-aalaga kapag nakikibahagi sa ibang wala sa unit na lugar para sa programming ng ospital.

Para sa mga miyembro ng publiko na may LEP na posibleng nangangailangan ng mga serbisyo sa access sa wika, puwede silang makipag-ugnayan sa operator ng telepono ng ospital na siyang makikipag-ugnayan sa pangunahing point of contact ng ospital para padaliin ang access sa wika sa pamamagitan ng mga sertipikadong bilingual na staff na posibleng available o mga nakakontratang serbisyo ng interpreter. Bukod pa rito, puwedeng makipag-ugnayan ang mga indibidwal na may LEP sa Coordinator ng Access sa Wika ng DSH sa LanguageAccess@dsh.ca.gov

May tatlong iba't ibang paraan para makapagbigay ang mga miyembro ng team ng DSH ng access sa wika: mga direktang serbisyo sa wika, pag-interpret, at pagsasalin.

Direktang Komunikasyon sa Wika

Nagpapanatili ang bawat ospital ng estado ng direktoryo ng kwalipikadong bilingual na staff na nasertipikahan para magbigay ng direktang komunikasyon sa wika sa mga indibidwal na may LEP sa gusto nilang wika. Ang direktoryo ng bilingual na staff ay pinapanatili ng Tanggapan ng Human Resources ng kaukulang lokasyon ng DSH. Magagawa ng mga miyembro ng team sa paggamot, pag-aalaga, o iba pang klinikal na team o team sa pagpapatakbo na gusto ng direktang komunikasyon sa wika para masuportahan ang isang pasyente na i-access ang bilingual na direktoryo sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na paraan:

- Intranet website ng ospital

- Pagtawag sa operator ng telepono ng ospital
- Mga internal na direktoryo ng ospital o pagpapaskil sa treatment unit

Pagkatapos, tatawagan ng mga miyembro nakatalagang team sa paggamot, pag-aalaga, o iba pang klinikal na team o team sa pagpapatakbo ang bilingual na staff para humiling ng mga serbisyo at matukoy ang availability.

Sa ilang treatment unit, kung saan maraming pasyenteng nagsasalita ng isang partikular na wikang hindi Ingles, nagha-hire at nagtatalaga sa unit ng mga sertipikadong bilingual na staff para sa paggamot kapag posible. Sa kasalukuyan, ang DSH ay may unit na nagsasalita ng Spanish at unit para sa mga pasyenteng hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig. Ang mga unit na ito ay may mga miyembro ng klinikal na team o team sa pag-aalaga na mga sertipikadong bilingual na staff na itinalaga ng Departamento ng Human Resources ng ospital.

Mga sertipikadong bilingual na staff lang ang puwedeng makipag-ugnayan sa publiko sa mga wikang iba pa sa Ingles.

Sa pag-recruit at pag-hire ng bilingual na staff, makikipag-ugnayan ang hiring manager sa tanggapan ng human resources ng ospital para isaayos ang eksaminasyon para sa sertipikasyon ng empleyado, na gagawin sa pamamagitan ng isang nakakontratang vendor alinsunod sa mga alituntuning nakabalangkas sa Manual ng Human Resources ng CalHR, Seksyon 1003 - "Mga Bilingual na Serbisyo."

Pag-interpret

Responsibilidad ng lahat ng miyembro ng team ng DSH na kumuha ng kwalipikadong interpreter kung kinakailangan para matiyak ang epektibong komunikasyon. Kapag walang available na bilingual na staff, puwedeng gumamit ng mga kwalipikadong nakakontratang interpreter. Nakikipagkontrata ang DSH sa maraming vendor na nagbibigay ng mga on demand na serbisyo sa pag-interpret sa telepono o video. Nagbibigay rin ang ilang nakakontratang provider ng mga serbisyo sa pagsasalin sa lugar.

Gagawin ng DSH ang lahat ng makatuwirang hakbang na naaangkop sa sitwasyon para matiyak na ibinibigay lang nito ang mga serbisyo sa pag-interpret sa pamamagitan ng mga indibidwal na competent at sertipikadong magbigay ng mga serbisyo sa pag-interpret sa antas ng fluency, pag-unawa, at pagiging kumpidensyal na naaangkop sa partikular na uri, klase, at layunin ng pinag-uusapang impormasyon.

Ang bawat ospital ng estado ay may lokal na patakaran at pamamaraan sa pag-access ng mga nakakontratang serbisyo sa pag-interpret na nag-iiba sa mga lokasyon at ina-adjust batay sa mga kasalukuyang kinakailangan at kakayahan ng vendor.

DSH-Atascadero

May kontrata ang DSH-Atascadero sa kasalukuyan para sa mga on-demand na serbisyo sa pag-interpret ng video na nasa ibang wika at American Sign Language (ASL) sa pamamagitan ng Language Link at ilang iba pang nakakontratang provider. Partikular sa Language Link, magagawa ng mga miyembro ng team na kinakailangang magsaayos ng mga serbisyo sa pag-interpret na hindi Ingles para sa mga pasyente o tumugon sa mga pampublikong inquiry na i-access ang mga serbisyo sa pamamagitan ng portal ng Language Link na available sa pamamagitan ng intranet website ng ospital at gamit ang isang laptop mula sa estado. Kinakailangan ng mga miyembro ng team na gumawa ng natatanging profile ng user para sa pagsasaayos ng mga serbisyo at pagsubaybay. Lubos na nakatulong ang nakakontratang serbisyong ito sa epektibong paghahatid ng pangangalaga at paggamot sa mga pasyente ng DSH kapag walang available na bilingual na staff sa lugar. Para magawa iyon, may ginagawang pambuong-estadong kasunduan ang DSH sa Language Link sa kasalukuyan para mapalawak ang serbisyong ito sa lahat ng lokasyon ng DSH. Puwede ring magsaayos ang mga miyembro ng team ng DSH-A ng mga serbisyo ng interpreter ng ASL at iba pang pag-interpret ng wika na hindi Ingles sa personal, nang pasalita, nakasulat, at sa telepono sa pamamagitan ng ilang iba pang sertipikadong provider na kinokontrata ng ospital.

Kung posible, puwedeng gumamit ang mga miyembro ng team ng DSH-Atascadero ng bilingual na staff sa lugar sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal gamit ang bilingual na direktoryo ng ospital na available sa unit o sa mga direktoryo ng ospital na available sa intranet page ng ospital.

Kung kailangan ng mga miyembro ng team ng tulong sa proseso ng pag-access sa mga serbisyo sa pag-interpret, puwede silang makipag-ugnayan sa Clinical Administrator o Departamento ng Human Resources ng ospital para sa gabay.

DSH-Coalinga

Gumagamit ang DSH-Coalinga ng bilingual na staff sa lugar na bihasa sa Spanish para makipag-ugnayan sa mga pasyenteng may LEP at sa publiko sa pamamagitan ng Bilingual na Direktoryo na available sa pamamagitan ng intranet website at mga internal na direktoryo ng ospital. Kung iba pa sa Spanish ang wikang kinakailangan, may kontrata ang ospital para sa mga serbisyo ng

interpreter sa telepono sa pamamagitan ng Language Line Services. I-access ng mga miyembro ng team ang mga serbisyo ng Language Line sa pamamagitan ng pakikipag-coordinate sa Nurse of the Day (NOD) o sa Assistant Coordinator of Nursing Services (ACNS) na magsisimula sa tawag at magta-transition sa miyembro ng team na nangangailangan ng mga serbisyo sa pag-interpret. Magbibigay ang miyembro ng team ng DSH-C ng mga serbisyo ng interpreter ng ASL sa mga pasyenteng gumagamit ng laptop sa pamamagitan ng ilang nakakontratang provider.

DSH-Metropolitan

Puwedeng gumamit ang staff ng DSH-Metropolitan ng sertipikadong staff na bilingual at marunong sa American Sign Language (ASL) para makipag-ugnayan sa mga pasyenteng may LEP sa pamamagitan ng pag-access sa Bilingual na Direktoryo at pakikipag-ugnayan sa operator ng telepono ng ospital. Kung walang available na bilingual na staff o kung hindi nila ginagamit ang kinakailangang wika, maraming kontrata ang ospital para sa mga on-demand na remote na serbisyo sa ASL sa pamamagitan ng pag-interpret sa telepono at video. Puwedeng i-access ng mga miyembro ng staff ang mga nakakontratang serbisyo sa pag-interpret sa pamamagitan ng numero ng telepono at impormasyon ng access code na available sa tanggapan ng kani-kanilang programa at sa mga treatment unit.

Kung kailangan ng staff ng tulong sa proseso ng pag-access ng mga serbisyo sa pag-interpret, puwede silang makipag-ugnayan sa Chief of Social Work o sa Departamento ng Human Resources ng ospital para sa gabay.

DSH-Napa

Ang DSH-Napa ay maraming kontrata para sa serbisyo ng interpreter para sa mga serbisyo sa pag-interpret sa telepono na nasa lugar at on-demand. Bukod pa rito, may available na limitadong bilingual na staff. Puwedeng i-access ng staff ang mga serbisyo sa pag-interpret sa telepono sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubiling available sa internal na direktoryo ng ospital. Para sa mga serbisyo ng interpreter sa lugar, magsusumite ang staff ng kahilingan sa Departamento ng Mga Pangkalahatang Serbisyo ng Ospital na sumusubaybay sa linya ng wika at mga kontrata ng interpreter sa lugar. Puwedeng i-access ng staff na humihiling ng serbisyo ang mga form at tagubilin sa pamamagitan ng mga internal na direktoryo ng ospital, at isaad kung minsanan o tuluy-tuloy ba nilang kinakailangan ang mga serbisyo.

Kung kailangan ng mga miyembro ng team ng tulong sa proseso ng pag-access sa mga serbisyo sa pag-interpret, puwede silang makipag-ugnayan sa

Departamento ng Mga Pangkalahatang Serbisyo para sa higit pang impormasyon.

DSH-Patton

Gumagamit ang DSH-Patton ng bilingual na staff sa lugar na bihasa sa iba't ibang wika para makipag-ugnayan sa mga pasyenteng may LEP at sa publiko sa pamamagitan ng Bilingual na Direktoryo na available sa pamamagitan ng intranet website at mga internal na direktoryo ng ospital na available sa mga treatment unit.

Kung walang available na bilingual na miyembro ng team, ang ospital ay may kontrata sa mga on-demand na serbisyo sa pag-interpret sa telepono na magagamit ng mga miyembro ng team. Available ang mga tagubilin sa pag-access ng mga serbisyo sa pag-interpret sa telepono sa bawat nursing station at treatment unit at sa pamamagitan ng mga internal na direktoryo ng ospital. Tatawag ang mga miyembro ng team sa numero ng telepono na ibinigay ng nakakontraang vendor at hihiling siya ng mga serbisyo sa pag-interpret sa gustong wika.

Kung kailangan ng miyembro ng team ng tulong sa proseso ng pag-access sa mga serbisyo sa pag-interpret, puwede siyang makipag-ugnayan sa Forensic Services Manager o Departamento ng Human Resources ng ospital para sa gabay.

DSH-Sacramento

Ang mga miyembro ng team na nangangailangan ng mga serbisyo sa pag-interpret para masuportahan at mabigyang-daan ang mga pampublikong meeting at ang pagbibigay ng impormasyon sa mga indibidwal na humihingi ng impormasyon tungkol sa departamento at mga programa nito ay makikipag-ugnayan sa nakatalagang coordinator ng access sa wika para sa DSH-Sacramento. Susuriin ng coordinator ng access sa wika ng Sacramento ang pangangailangan at tutukuyin nito ang naaangkop at pinakamabilis na daan para maikonekta ang miyembro ng team sa mga serbisyo sa pag-interpret. Puwedeng kasama rito ang pagbibigay ng numero sa contractor, Language Link para sa pag-interpret ng wikang hindi Ingles; pakikipag-coordinate sa isa sa mga ospital ng estado sa pamamagitan ng Departamento ng Human Resources, para magamit ang ASL o mga kontrata sa iba pang serbisyo sa pag-interpret para sa

hindi nakakarinig o ang isang available na sertipikadong bilingual na miyembro ng team.

Pagsasalin

Pagtukoy sa Mahahalagang Dokumento para sa Pagsasalin

Ang DSH ay may itinakdang pambuong-estadong Coordinator ng Access sa Wika at isang internal na workgroup na binubuo ng mga kinatawan mula sa bawat ospital ng estado at lokasyon ng headquarters nito sa Sacramento para suportahan ang pagtukoy at pagsasalin ng mahahalagang dokumento sa limang threshold na wika: Chinese, Korean, Spanish, Tagalog, at Vietnamese. Para sa DSH, tungkol ang mahahalagang dokumento sa impormasyong kritikal sa pagtulong sa mga pasyenteng maunawaan ang kanilang mga karapatan at sa pagpapasya sa iba't ibang salik na nakakaapekto sa kanilang buhay habang sila ay nakatira sa isang ospital ng estado gaya ng psychiatric na paggamot, pangangalagang pangkalusugan, pananalapi, at batas. Kasama sa mga karagdagang mahahalagang dokumento ang mga dokumentong nagpapabatid sa mga pamilya at kaibigan ng mga pasyente ng mga serbisyo at proseso sa pag-access ng impormasyon at pagsuporta ng mahal sa buhay, kasama ang mga personal at tele-health na pagbisita, pagpapadala ng mail, mga produkto, o pera, mga karapatan ng mga pasyente, at mga kasanayan sa privacy ng DSH.

Sa paunang pagpapatupad sa LAP, responsibilidad ng mga kinatawan ng workgroup mula sa bawat lokasyon ng DSH na isaayos ang pagtukoy ng mga dokumentong puwedeng ituring na mahalaga sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa head ng bawat function/departamento, kasama ang, pero hindi limitad sa, Medikal na Tagapangasiwa, Clinical Administrator, Administator ng Ospital, Deputy Director, Legal and Privacy Officer, Mga Karapatang Pantao/ng Mga Pasyente, at Human Resources. Ibibigay ang mga dokumentong ito sa Coordinator ng Access sa Wika na susuri sa dokumento at gagawa ng paunang pasya at rekomendasyon para maitalaga ang dokumento bilang mahalaga at kailangang isalin. Pagkatapos ay isusumite ang rekomendasyong ito sa Tanggapan ng Tagapangasiwa para sa pagsang-ayon.

Pagkatapos ay ipapabatid ng Coordinator ng Access sa Wika (LAC) sa kaukulang “may-ari ng dokumento” na responsable para sa pagpapanatili sa

dokumento at pagbibigay-daan sa mga update kapag kinakailangan sa status ng dokumento na mahalaga, at kukumpirmahin niya ang mga kinakailangan sa access sa wika para mapanatili ang dokumento sa minimum na limang threshold na wika. Puwedeng magsaayos ang LAC ng nakasulat na pagsasalin ng dokumento sa pamamagitan ng pambuong-estadong kontrata para sa mga serbisyo sa pagsasalin, o sa pamamagitan ng lokal na provider ng kontrata ng ospital kung available. Ang may-ari ng dokumento ang magiging responsable para sa pagsasalin sa mahahalagang dokumento, sa pakikipagtulungan sa LAC, sa tuwing may naaprubahang pagbabago sa dokumento. Sumangguni sa Listahan ng Dokumento sa dulo ng Planong ito para sa listahan ng mahahalagang dokumento ng DSH.

Kamakailan ay ipinapatupad ng DSH ang pambuong-estadong kontrata nito para sa mga serbisyo sa pagsasalin ng wika sa pagtatapos ng Abril 2024 at sinisikap nitong isapriyoridad at isumite sa vendor ang mahahalagang dokumento para sa pagsasalin. Dahil hindi pa naisasalin ang mga dokumento sa lahat ng limang threshold na wika sa pag-release ng LAP na ito sa Hunyo 2024, may mga serbisyo sa sight translation na makakatulong sa mga pasyente, kapamilya, at iba pang interesadong stakeholder na gustong ma-access ang impormasyong nakapaloob sa mahahalagang dokumento ng DSH. Ang sight translation ay ang pasalitang pagsasalin ng nakasulat na impormasyon sa tina-target na wika. Para sa mga pasyenteng nakatira sa isa sa mga ospital ng estado, responsibilidad ng mga miyembro ng team sa paggamot at team sa pag-aalaga na isaayos ang mga serbisyo sa sight translation ayon sa nakabalangkas sa kanilang mga lokal na patakaran at pamamaraan para sa pag-access ng mga nakakontratang serbisyo sa pag-interpret/pagsasalin. Ang lahat ng iba pang indibidwal na humihiling na magsaayos ng mga serbisyo sa sight translation ay puwedeng makipag-ugnayan sa LAC na nakasaad sa ibaba, na siyang makikipagtulungan sa pambuong-estadong nakakontratang vendor o gagamit sa mga resource sa pamamagitan ng isa sa mga lokasyon ng DSH kung naaangkop.

Coordinator ng Access sa Wika (LAC): David P. Jones I

Telepono ng LAC: 916-654-2309 / Email: LanguageAccess@dsh.ca.gov

Ang kasalukuyang proseso para matukoy at maisalin ang mga karagdagang mahahalagang dokumento ay ginagawa pa sa kasalukuyan at isasama sa updated na patakaran sa access sa wika para sa departamento.

Kinakailangang Content ng Website

Responsibilidad ng Tanggapan ng Mga Komunikasyon ng DSH na isaayos ang content na naka-post sa website ng DSH. Alinsunod sa pagsasalin ng

mahahalagang dokumento, ang content ng website na ituturing na kinakailangan at tutukuyin para sa kinakailangang pagsasalin sa minimum na limang threshold na wika ay tungkol sa impormasyong mahalaga sa pagsuporta sa mga pasyente ng DSH at sa kanilang mga kapamilya at kaibigan. Bukod pa rito, isinasaalang-alang para sa kinakailangang pagsasalin ang content ng website na nagpapabatid sa publiko at sa iba pang stakeholder ng tungkol sa mga pampublikong meeting, pati ng impormasyon para sa mga tagapagsulong na pasyente, partner ng county, lehislatura, at iba pang stakeholder.

Sa paunang pagpapatupad ng LAP, sinuri ng Tanggapan ng Mga Komunikasyon ng DSH ang mga dati nang webpage ng DSH na puwedeng ituring na kinakailangan alinsunod sa mga sumusunod na kategorya:

1. Pangunahing impormasyon tungkol sa departamento - misyon ng DSH, kung sino kami, kung sino ang ginagamot namin, mga pangunahing programa at layunin, pati paggamot na ibinibigay sa aming mga pasyente.
2. Impormasyon sa mga karapatan ng mga pasyente
